

Guaranteed Admissions Program (GAP) ng NTPS (Mga Estudyante ng High School Lang)



Nakikipagtulungan ang North Thurston Public Schools sa pampublikong pang-apat na taong kolehiyo at unibersidad ng Washington para sa pag-abot sa mga tunguhin sa kolehiyo at karera ng mga estudyante ng Washington. Nakatuon kami sa pagkakaroon ng mas maraming posibilidad para sa estudyanteng gustong mag-aral sa kolehiyo. Marami sa mga pampublikong institusyon ng baccalaureate ang nag-aalok ng mga programa ng garantisadong pagtanggap para sa mga estudyanteng nakakatugon sa mga itinakdang pamantayan.

Guaranteed Admissions Program ng Pampublikong Institusyon ng Baccalaureate sa Washington

Ang Guaranteed Admissions Program ay nagbibigay ng mga direktang pagtanggap sa Central Washington University, Eastern Washington University, The Evergreen State College, Western Washington University at Washington State University.

Kinakailangan ng mga Guaranteed Admissions program na matugunan ang dalawang pamantayan para maging kwalipikado ang isang estudyante: (1) Minimum na GPA o minimum GPA/class ranking at (2) Pagkumpleto sa mga College Academic Distribution Requirement (CADR).

- CWU - GPA 3.0 at pagkumpleto sa mga CADR
- EWU - GPA 3.0 at pagkumpleto sa mga CADR
- Evergreen - GPA 2.5 at pagkumpleto sa mga CADR
- WWU – GPA 3.0 at pagkumpleto sa mga CADR
- WSU - GPA 3.0 at pagkumpleto sa mga CADR

Bilang karagdagan sa mga pampublikong unibersidad na nakalista sa itaas, may kasunduan din ang North Thurston Public Schools sa Pacific Lutheran University para magbigay ng direktang pagtanggap sa mga estudyanteng may minimum na GPA na 3.3 at sa mga partikular na kurso. Puwedeng may maidagdag pang mga kolehiyo at unibersidad sa listahang ito.

Kung matutugunan ng isang estudyante ang mga pamantayan o inaasahan nang maaabot niya ang mga pamantayan sa pagtatapos ng high school, sigurado nang matatanggap siya sa institusyon. Dapat kumpletuhin ng mga estudyanteng kwalipikado para sa garantisadong pagtanggap ang isang aplikasyon sa mga pagtanggap at mga karagdagang kinakailangan ng institusyon.

Paano Puwedeng Makibahagi ng mga Estudyante sa Guaranteed Admissions Program

Para makibahagi sa Guaranteed Admissions Program sa mga pampublikong institusyon ng baccalaureate na tinukoy sa itaas, pakibasa ang form na ito at palagdaan ito sa iyong magulang/tagapangalaga, na kumikilalang puwede kang pahintulatang makibahagi sa programang ito kabilang na ang paglalabas ng impormasyon ng estudyante na nakasaad sa form na ito.

Impormasyon ng Estudyante na Ibahahagi sa mga Pampublikong Institusyon ng Baccalaureate sa Washington:

- Pangalan
- Apelyido
- Petsa ng Kapanganakan
- (Mga) email sa record (para makaugnayan ang mga estudyante tungkol sa oportunidad)
- Hindi isinasaalang-alang na GPA
- Mga transcript
- Mga detalye sa pagkuha ng kurso (hal., mga honor, dual credit)
- Lahi at etnisidad
- Pagiging kwalipikado para sa mga libre/may diskwentong presyo ng pagkain

Sa paglagda sa form na ito, pinapahintulutan ko na maibahagi sa mga nakalistang institusyon sa ibaba ang impormasyon ng aking estudyante.

Pangalan ng Magulang/Tagapangalaga (paki-print)	Lagda ng Magulang/Tagapangalaga (<i>Opsyonal kung 18+ ang estudyante</i>)	Petsa (mm/dd/yyyy)
Pangalan ng Estudyante (paki-print)	Lagda ng Estudyante (<i>Opsyonal kung wala pang 18 ang estudyante</i>)	Petsa (mm/dd/yyyy)